

1. Impormasyon Tungkol sa Pagpapabakuna para sa COVID19

Ang pamahalaang lungsod ng Tochigi ay inaasahang magpapadala sa mga mamamayanan nito na may edad 16 taong gulang pataas na nakarehistro sa Tochigi City ng “vaccination stub o ticket” sa gagawing pagpapabakuna kontra Covid19. Kapag nakatanggap na nito ay kailangan munang kumuha ng reservation para sa pagpapabakuna.

BIbigyang prayoridad ang mga may 65 taong gulang pataas. Bilang karagdagan ang pagpapabakuna ay maaring maantala depende sa sitwasyon sa ginagawang paghahanda sa buong bansa.

Pwedeng magpabakuna na kasama sa isang grupo o samahan sa isang community health center o pwede ring personal na pumunta sa isang pagamutan.

Ipapagbigay alam sa lahat ang paraan ng reservation sa lalong madaling panahon kapag napagpasiyahan na ang impormasyon tungkol dito.

Sa Japan ang bakunang gawa sa Pfizer ang mauunang ibigay. At ayon sa isinagawang pag-aaral sa ibang bansa, ang pagbabakuna ay gagawin ng dalawang beses na may agwat ng 3 linggo dahil naipakita na epektibo ito sa pagpigil sa mataas na posibilidad ng pagka-impeksyon sa Covid19. Subalit gaya ng iba ring mga bakuna, magkakaroon ng mga epekto gaya ng pananakit sa bahagi ng pinagbakunahan, pananakit rin ng ulo, kasukasuan at kalamnan, pagkahapo, chills at lagnat. Huhupa rin ito sa loob ng ilang oras hanggang ilang mga araw. Gayundin, sa mga bihirang pagkakataon ay naiuulat ang ilang seryosong reaksyon gaya ng “Anaphylaxis” o malubhang allergic reaction.

Ang pagpapabakuna ay hindi sapilitan. Ang desisyon para dito ay dapat naayon sa pagkaunawa sa parehong epekto sa benipesyo laban sa pag-iwas sa impeksyon at ganundin sa side effect risks nito pagkatapos mapabakunahan. Kung may agam-agam dahil na rin sa kondisyong pisikal o nag-aalala dahil sa alerhiya ay ipinapayo na kumunsulta muna sa mga sa mga doctor ng pagamutan na palaging pinupuntahan.

2. Tungkol sa Eksklusibong Pagbubukas ng Counter para sa My Numbers Card.

Simula sa buwan ng Mayo ay may mga Linggo na magbubukas ang ilang counters sa munisipiyong inilaan sa para sa pagtanggap ng applications para sa My Numbers Card. Ang mga serbisyo sa pagproseso gaya ng pagpalit o pag-update ng PIN Nos., pagbibigay alam sa paglipat ng tirahan ay pwede ring gawin sa mga araw ng Linggo na mga ito.

Kung nakatira sa Tochigi City area ay pwedeng pumunta sa “Shimin Seikatsu-Ka” o Civic & Community Services Section mula 8:30 ng umaga hanggang alas 12:00 ng hapon sa ikalawa at ika-apat ng Linggo ng kada buwan. Sa mga nakatira naman ng Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata at Iwafune areas ay pwedeng pumunta sa mga sangay ng munisipiyong mga ito sa “Chiiki Zukuri Suishin-Ka” o City Development and Promotion Section. Bukas rin ang mga ito mula 8:30 ng umaga hanggang 12:00 ng hapon sa ikalawang linggo ng kada buwan.

Bago pumunta ay kailangan tumawag muna sa telepono. Ang pagtanggap ng reservation ay mag-uumpisa bago 2 buwan at maaring itigil muna ang pagtanggap depende sa dami ng mga aplikante. Ngunit ang mga reservations ng Mayo at Hunyo ay pwede ng tanggapin mula ika-20 ng Abril. Kung nanaisin na ikansela ang ginawang reservation ay dapat itawag ito bago mag-alas 12:00 ng tanghali ng Biyernes 2 araw bago ang ginawang pagkuha ng reservation.

Sa mga nakatira sa Tochigi Area na gustong kumuha ng reservation ay tumawag sa telepono na may numero 0282-21-2126.

Sa mga taga Ohira naman ay 0282-43-9209

Sa mga taga Fujioka ay 0282-62-0903

Sa mga taga Tsuga Machi ay 0282-29-1102

Sa mga taga Nishikata ay 0282-92-0306

Sa mga taga Iwafune ay 0282-55-7754

Tumatanggap sila ng tawag mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon.

3. Tungkol sa Pagbabago sa Gagawing Pagpapahaba ng Oras ng Serbisyo sa Ilang Counters ng Munisipiyo.

Ang pamahalaang lungsod ay naghahanap ng pamamaraan upang lalong maging convenient ang mga residente nito at isa rito ay ang pagpapalawig ng oras ng serbisyo ng mga pangunahing counters sa cityhall.

Mula Abril, may mga pagbabago sa mga araw na magkakaroon ng extension sa kanilang oras ng serbisyo kaya dapat ipaalam ito sa lahat.

Sa pangunahing gusali ng city hall, sa mga araw ng Lunes, Miyerkules at Biyernes, 3 araw ng Linggo, mula alas 5:15 ng hapon hanggang alas 7:00 ng gabi ay palalawigin oras ng serbisyo ng mga counters gaya ng : “Shimin Seikatsu-Ka” o ang Civic & Community Services Section, ang “Hoken/Nenkin-Ka” o ang Health Insurance and Pension Section, ang “Zeimu-Ka” o Tax Section, ang “Shuzei-Ka” o ang Tax Collection Department.

Sa mga taga Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata at Iwafune areas naman ay ang City Development and Promotion Section o ang “ Chiiki Suishin Zukuri-Ka” counter at Miyerkules lamang mula alas 5:15 ng hapon hanggang alas 7:00 ng gabi ang pinalawig ang oras ng serbisyo.

Sa Tsuga Machi ay sa pangalawa at pang-apat na Miyerkules lamang. Sa Nishikata naman ay kailangan muna ang reservation bago pumunta kaya dapat tumawag sa telepono. Ang numero ay 0282-92-0306 at kumuha muna ng reservation.

4. Pag-iwas sa Muling Pagkalat ng COVID19.

Inaasahan na ang pagiging mainit ng panahon at kasabay nito ay ang Cherry Blossoms. Nakaka-enganyong lumabas na naman at pagmasdan ang pamumulaklak ng mga puno ng Sakura. Subalit hindi pa humuhupa ang pagkalat ng impeksyon dulot ng COVID19. Sinasabi ng mga eksperto na nagkakaroon ng mas nakakahawa na mga variants sa halip ng naunang uri ng virus. Upang makaiwas sa pagkakaroon ng impeksyon ng COVID19 ay mahalaga pa ring ipagpatuloy ang mga pangunahing pamamaraan na ginawa sa pagkontrol sa pagkalat ng nakakahawang sakit na ito.

Bilang pangunahing tuntunin ay ang pagsuot pa rin ng facemask. Pag-iwas sa tatlong(3) C's (Closed Spaces na mahina ang bentilasyon), (Crowded Spaces o siksikan na lugar), (Closed Ranged Conversation).

Panatilihin ang bentilasyon ng silid. Gawing konti lang ang miyembro kung may pagtitipon at sa maikling oras lamang. Makipag-usap lamang ng tahimik at palaging maghugas ng kamay o magdis-infect gamit ang alcohol.

Base naging karanasan at pag-aaral sa pagkalat ng impeksyon dulot ng COVID19 ay nalaman ang mga pagkakataon o sitwasyon na kung saan naging mataas ang panganib ng pagkalat ng virus na dapat tayong mag-ingat. Ito ay tinawag na limang(5) eksena:

1. Unang Eksena- Nag-iinuman at kumakain sa isang party.
2. Pangalawang Eksena- Nag-iinuman at kumakain na mahigit limang katao sa mahabang oras.
3. Pangatlong Eksena- Pakikipag-usap na walang suot na facemask.
4. Pang-apat na Eksena- Pagtira na may mga kasama sa isang masikip na espasyo.
5. Pang-Limang Eksena- Pagtungo sa mga lugar ng pahingahan, smoking rooms o dressing rooms pagdating ng oras ng breaktimes sa trabaho.

Ang wastong kaalaman at awareness ng lahat ay kailangan sa pagpigil sa pagkalat na naman ng impeksyon ng COVID19.

Kaya hinihiling ang kooperasyon ng lahat.